

DRAFT NG PLANO SA PANGANGASIWA SA HALALAN



Kondado ng Riverside
Tagapagrehistro ng Mga Botante

2724 Gateway Drive
Riverside, CA 92507
(951) 486-7200

rovweb@rivco.org

www.voteinfo.net

Talaan ng Mga Nilalaman	2
Pangkalahatang-ideya ng Plano	3
Mga Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo	5
Mga Lokasyon ng Sentro ng Pagboto at Kahong Hulugan	8
Mga Serbisyo para sa Mga Botanteng May Kapansanan	15
Mga Serbisyo ng Tulong sa Wika	19
Teknolohiya ng Pagboto	22
Seguridad ng Pagboto	25
Epekto sa Pananalapi	28
Plano para sa Pagtuturo at Pakikipag-ugnayan sa Botante	29
Mga Aktibidad at Suporta sa Halalan	40
Mga Aktibidad Pagkatapos ng Halalan	43
Mga Appendix	46

Pangkalahatang-ideya ng Plano

Maaaring nagmumukhang nagpapasimula ang Kondado ng Riverside ng bagong yugto pagdating sa paglipat sa Batas sa Pagpili ng Botante (Voter's Choice Act), o VCA, upang pagsilbihan ang sari-sari at lumalagong populasyon nito. Gayunpaman, hindi iyon ang sitwasyon. Dahil sa pandemyang dulot ng COVID 19 at mga kasunod na susog sa batas sa pagboto na pinagtibay sa nagdaang tatlong taon, hinikayat ang pangkat ng Tagapagrehistro ng Mga Botante na ipatupad ang pagbabagong ito sa loob ng maikling panahon mula sa mabusising pag-aaral sa mga ikakabuti ng potensyal na pagbabago.

Sinimulan ng pangkat ng Tagapagrehistro ng Mga Botante ang opisyal na paglipat sa modelong sentro ng pagboto sa pamamagitan ng pagbabago sa mga pamamaraan at patakarang kamakailan lang ginawa, at sa pagbuo ng mga bagong planong nakabatay sa kung ano ang naging epektibo para sa mga halalan noong Nobyembre 2020 at Setyembre 2021.

Ikinatutuwa ng Opisina ng Tagapagrehistro ng Mga Botante (Registrar of Voters, ROV) ang pagkakaroon ng maraming matatag na pakikipagtulungan sa komunidad, na patuloy pang mapapagbuti sa pamamagitan ng proseso ng paglipat sa modelong sentro ng pagboto. Tutulong ang aming lokal na Komite ng Pagpapayo sa Accessibility ng Pagboto (Voting Accessibility Advisory Committee, VAAC), Komite ng Pagpapayo sa Accessibility ng Wika (Language Accessibility Advisory Committee, LAAC), Panel ng Tagamasid ng Halalan, Ad-Hoc na Komite sa Mga Pang-superbisor na Halalan sa Kondado, at ang hinirang ng lupon na Komite sa Pagpapayo sa Halalan ng Kondado sa pagbibigay ng mahahalagang kabatiran batay sa mga karanasan nila sa pagboto at ng ibang tao. Puwede kang matuto nang higit pa tungkol sa pagsali sa VAAC, LAAC, at Panel ng Tagamasid ng Halalan ng kondado sa website ng Tagapagrehistro ng Mga Botante sa www.voteinfo.net. Dapat banggiting nasasabik ang aming Mga Klerk ng Lungsod, bilang aming mga lokal na kasama sa halalan, na tulungan kaming isulong ang nakakasabik na pagbabagong ito sa aming mga residente. Nagpapasalamat din kami sa suporta at patnubay na ibinibigay ng Kalihim ng Estado ng California (California Secretary of State, SOS), sa limang kondado na lumipat sa modelong sentro

ng pagboto noong 2018 at mga kalapit na kondado na lumipat din nitong mga kamakailang taon.

Ibinibigay ng Plano sa Pangangasiwa sa Halalan (Election Administration Plan), o EAP na ito, ang batayan at pamatnubay na balangkas para sa kinabukasan ng pagboto at mga halalan sa Kondado ng Riverside. Bilang karagdagan, naglunsad ang ROV ng website, ang www.voteinfo.net/votecenter na nakatuon sa pagpapaalam sa publiko tungkol sa mga inaasahang pagbabago at pagbibigay ng mga update sa pagpapalano at para humingi ng ideya mula sa publiko para sa mga pagbabago sa hinaharap sa EAP.

Kasunod ng pagsasapinal ng plano, magpapatupad ang ROV ng komprehensibong Plano para sa Pagtuturo at Pakikipag-ugnayan sa Botante, mula sa pagpapalawak ng aming presensya sa social media, mga pakikipagtulungan sa mga mataas na paaralan at institusyong pang-mas mataas na edukasyon tulad ng UC Riverside at mga distrito ng kolehiyo ng komunidad ng Riverside, Mt. San Jacinto, at Desert, pati na rin ang pakikipagtulungan sa mga nahalal na opisyal at ahensya ng pamahalaan. Ang plano ay isang balangkas para matupad ng Tagapagrehistro ng Mga Botante ang layunin nitong maipalam sa 1.3 milyong rehistradong botante ng Kondado ng Riverside ang tungkol sa mga inaasahang pagbabago at paglipat sa modelong sentro ng pagboto.

Ang Pang-gobernador na Primaryang Halalan noong Hunyo 7, 2022 ay ang unang opisyal na halalan sa ilalim ng bagong modelong ito, at umaasa kaming patuloy na makapagbigay sa mga botante ng Kondado ng Riverside ng madadali at ligtas na opsyon sa pagboto at pinahusay na karanasan ng botante na inaasahan nila simula noong Nobyembre 2020.

Nangangahulugan ang bagong modelo sa pagboto na ito na patuloy na makakatanggap ang mga rehistradong botante ng balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo, habang mayroon ding opsyong bumoto nang personal sa alinmang sentro ng pagboto sa Kondado ng Riverside. Sa panahon ng paghahanda sa EAP na ito, humigit-kumulang 146 sentro ng pagboto at 87 na kahong hulugan ng balota ang inaasahan batay sa kasalukuyang bilang ng mga botante at mga iniaatas ng Kodigo sa Halalan ng California.

Sa ngalan ng aking pangkat, umaasa kami sa nakakasabik na paglipat na ito sa bagong modelo sa pagboto na mahusay na makapagsisilbi sa lahat ng residente ng Kondado ng Riverside sa hinaharap. Umaasa kaming patuloy na mabigyan ang aming mga mamamayan ng pinakamahusay na karanasan sa pagbotong posible, habang tinitiyak ang pantay na access sa balota, pinoprotektahan ang integridad ng mga boto, at nakapagpapanatili ng tapat, tumpak at patas na proseso.

Rebecca Spencer
Tagapagrehistro ng Mga Botante
Kondado ng Riverside, CA

Mga Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

Kodigo sa Mga Halalan §4005(a)(8)(A)

Iniaatas ng pagpapatupad ng Batas sa Pagpili ng Botante (Voter's Choice Act), o VCA, sa Kondado ng Riverside na makakatanggap ang bawat isa sa 1.3 milyong rehistradong botante nito ng balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (Vote-by-Mail), o VBM. Natutugunan na ng Kondado ng Riverside ang pananagutang ito na mag-print, magpadala sa pamamagitan ng koreo at magproseso ng ganito karaming balota simula pa sa Pampresidenteng Halalan noong Nobyembre 2020 alinsunod sa mga nagbabagong batas kaugnay ng pandemyang dulot ng COVID-19. Nagiging pamilyar na ang mga botante sa pinagsamang opsyon ng modelong Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo at pagboto nang personal, habang dinagdagan na ng Tagapagrehistro ng Mga Botante ang imbentaryo nito ng mga kagamitan at suplay at ibinaling ang mga resource nito para permanente nang ipatupad ang bagong modelo sa pagboto na ito.

Dagdag pa, para sa lahat ng halalan sa hinaharap, makakatanggap na ngayon ang lahat ng botante sa California ng balota sa koreo anuman ang kagustuhan o modelo ng pagboto, alinsunod sa Assembly Bill 37 (Berman, 2021).

Kasaysayan

Bago pa man magbago ang batas, mahigit 75 porsyento na ng mga botante ng Kondado ng Riverside ang pumiling permanenteng makatanggap ng kanilang balota sa bahay. Isa itong trend na isinasaalang-alang ng Tagapagrehistro ng Mga Botante at patuloy na pinapanagutan sa pamamagitan ng pagpapalawak ng footprint nito sa mga kumbinyenteng opsyon sa pagbabalik para sa mga botante, habang dinaragdagan ang kapasidad nito sa epektibong pagpoproseso ng mga ibinabalik na balota ng VBM. Nilakihan ng Tagapagrehistro ng Mga Botante ang kapasidad nitong magproseso ng mga balota noong 2019 bilang paghahanda sa dumaraming botanteng bumoboto sa pamamagitan ng koreo.

Pag-print ng Balota

Tumatanggap ang Kondado ng Riverside ng tulong mula sa isang kumpanyang sertipikado ng estado para mag-print ng mga balota at sobre para sa pagbabalik ng

balota. Nagbibigay-daan ang matibay na pakikipag-ugnayang ito na makapaglaan ang mga permanenteng miyembro ng pangkat ng higit pang pag-iingat at atensyon sa nilalaman na natatanggap ng mga botante, kabilang na ang mga insert at tagubiling kalakip ng bawat pakete ng VBM, habang pinapanatiling mababa ang mga overhead na gastusin.

Tinitiyak ng mga tauhan ng Tagapagrehistro ng Mga Botante ang katumpakan ng lahat ng ginagawang materyal sa bawat hakbang sa proseso, kabilang na ang mabusising pagwawasto sa mga balota bago ipadala ang mga ito sa lahat ng botante.

Ipinapadala ang pakete ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa mga botante sa sobre na may label ng logo ng Opisyal na Mail ng Halalan at naglalaman ng mga sumusunod:

- Isang sobre na binayaran ng selyo
- Ang opisyal na balota, na puwedeng nasa maraming ballot card depende sa kung gaano karaming mga paligsahan ang nasa halalan.
- Mga tagubilin kung paano kumpletuhin at ibalik ang balota
- Isang sticker na "Bumoto Ako"

Ang sobre sa pagbabalik ng boto sa pamamagitan ng koreo ay may mga butas na nagtatapos sa linya ng pirma na nagbibigay-daan sa mga botante na may mga kapansanan ng tactile na paraan para mahanap ang linya ng pirma.

Pagproseso ng mga Ibinalik na Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

Nagpapatakbo ang Tagapagrehistro ng Mga Botante ng sarili nitong pangmabilisang kagamitan sa paghihiwalay ng mga ipinadala sa pamamagitan ng koreo na ginagamit sa pagproseso ng mga ibinalik na balota. Kumukuha ang kagamitan ng mga digital na larawan ng bawat ibinalik na sobre at sinusubaybayan kung naibalik na ito. Ginagamit ng mga miyembro ng tauhan ang mga larawan para paghambing ang lagdang nasa mga sobre ng VBM at ang naka-file na pagpaparehistro ng botante para tukuyin kung ang tamang botante ang nagbalik ng kanyang balota. Sa kasalukuyang pagsasaayos, matagumpay na naproseso ng Kondado ng Riverside ang karagdagang dami ng mga

sobre para sa pagbabalik ng VBM noong mga halalan ng Nobyembre 2020, Setyembre 2021, Hunyo 2022, at Nobyembre 2022.

24 na Oras na Pagpapatakbo

Sa malalaking halalan gaya ng Pampresidenteng Pangkalahatang Halalan noong Nobyembre 2020 at Halalan para sa Pagpapaalis sa Katungkulan ng Gobernador noong Setyembre 2021, nagpatupad ang Tagapagrehistro ng Mga Botante ng “panggabing shift” kung saan pinapangasiwaan ng mga permanenteng miyembro ng tauhan ang mga pansamantalang miyembro ng tauhan sa halalan na nagsasagawa ng ilang gawain sa pagproseso ng balota. Mula 6:00 pm hanggang 2:30 am ang shift na ito, na kadalasan ay nagaganap dalawang linggo bago ang Araw ng Halalan.

Batay sa mga rekomendasyon mula sa Opisina ng Tagapagpaganap ng Kondado ng Riverside at Lupon ng Mga Superbisor sa nakaraang taon, nagplano ang Tagapagrehistro ng Mga Botante na maging handa na magpatupad ng 24 na oras na pagpapatakbo kung kinakailangan para matugunan ang pinataas na demand para sa pangmalakihang halalan para mas mabilis na mapagtibay ang mga resulta ng halalan.

Pagbibilang ng mga Ibinalik na Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

Pinalitan ng Kondado ng Riverside ang sistema nito sa pagboto noong 2019, na labis na nagpahusay sa kapasidad ng kondado sa pagpoproseso ng mga ibinalik na balota ng VBM. Kasalukuyang may 10 pangmabilisang tabulator ng balota na kayang mag-scan ng mga card ng balota nang sabay-sabay. Mayroon ding walong nakalaang istasyon sa pagpapasya, na ginagamit ng mga tauhan para tukuyin ang pinili ng botante sa anumang item na hindi mabasa ng tabulator, na tumitiyak na mabibilang ang lahat ng boto ayon sa kung ano ang totoong pinili.

Pagsubaybay sa mga Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

Dahil sa paglipat sa pagtanggap ng lahat ng mga botante ng mga balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo sa nakaraang dalawang taon, napag-atasan ang mga tagapangasiwa ng mga halalan na gawing priyoridad ang pagpapaalam sa mga botante ng kalagayan ng kanilang indibidwal na balota. Kasama dito ang Kondado ng Riverside.

Nalalaman ng mga residente rito kung kailan nakaiskedyul na dumating ang kanilang package ng VBM sa kanilang mailbox at kapag nakarating na sa opisina ng Tagapagrehistro ng Mga Botante ang kanilang kumpletong VBM sa pamamagitan ng pagsisikap na pinapangunahan ng estado. Tinatawag na BallotTrax, nakakatanggap ang botante ng automated na mensahe sa text o email na nagpapaalam sa kanila ng mahahalagang sandali ng proseso ng VBM. Nagbibigay ang sistema ng pagsubaybay na ito ng data sa aming opisina upang mas matukoy namin ang mga paraan kung paano mapahusay ang karanasan sa pagboto.

Mga Lokasyon ng Sentro ng Pagboto at Kahong Hulugan ng Balota

Kodigo sa Mga Halalan §4005(a)(10)(B)

Nagtatakda ang Batas sa Pagpili ng Botante ng mga detalyadong pamantayan at formula para sa paglalagay at lokasyon ng mga sentro ng pagboto at mga kahong hulugan ng balota. Pagpapasyahan ang mga lokasyon ng sentro ng pagboto at kahong hulugan ng balota batay sa mga partikular na salik at pag-aatas, kabilang ang:

- Lapit sa pampublikong transportasyon
- Lapit sa mga komunidad na may kasaysayan ng mababang paggamit ng pagboto sa pamamagitan ng koreo
- Lapit sa mga sentro ng populasyon
- Lapit sa mga komunidad ng wikang kaunti ang nagsasalita
- Lapit sa mga botanteng may kapansanan
- Lapit sa mga komunidad na may mga mababang rate ng pagmamay-ari ng sasakyang pansambahayan
- Lapit sa mga komunidad na mayroong mababang kita
- Lapit sa mga malalayong populasyon
- Access sa accessible at libreng paradahan
- Ang distansya at oras na gugugulin ng botante sa pagbiyahe sa pamamagitan ng sasakyan o pampublikong transportasyon
- Mga pattern ng trapiko malapit sa mga sentro ng pagboto at mga lokasyon ng kahong hulugan ng balota
- Malapit sa mga komunidad ng mga kwalipikadong botante na hindi nakarehistro para bumoto at puwedeng mangailangan ng access sa parehong araw na pagpaparehistro ng botante
- Pangangailangan para sa mga alternatibong pamamaraan para sa mga botante na may mga kapansanan kung saan hindi magagamit ang mga balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo para magtala ng isang balota
- Kailangan ng mga mobile na sentro sa pagboto

- Lokasyon ng sentro ng pagboto sa isang pampubliko o pribadong unibersidad o kampus sa kolehiyo

Formula ng Sentro ng Pagboto


Kodigo sa Mga Halalan §4005(a)(10)(l)(vi)(l)

Nagtatakda ang Batas sa Pagpili ng Botante ng formula sa pagtukoy ng bilang ng mga sentro ng pagboto batay sa bilang ng mga rehistradong botante sa kondado.

Minamandato ang mga kondado sa ilalim ng modelo sa pagbotong ito na maglaan ng isang 11 araw na sentro ng pagboto para sa bawat 50,000 rehistradong botante at isang 4 na araw na sentro ng pagboto para sa bawat 10,000 rehistradong botante. Batay sa mga formula na nakabalangkas sa Batas sa Pagpili ng Botante at batay sa kasalukuyang populasyon ng botante ng Kondado ng Riverside na 1,300,000, magkakaroon ang Kondado ng Riverside ng iniaatas na hindi bababa sa 26 na Sentro ng Pagboto na bukas sa loob ng 11 araw, at 130 na Sentro ng Pagboto na magiging bukas sa loob ng 4 na araw, kabilang ang Araw ng Halalan.

Nakapaglaan ang Tagapagrehistro ng Mga Botante ng mas maraming sentro ng pagboto kumpara sa mga minimum na iniaatas noong mga halalan noong Nobyembre 2020, Setyembre 2021, Hunyo 2022 at Nobyembre 2022; nang pinakakamakailan ay nag-alok ng 146 lokasyon sa personal na pagboto sa loob ng 4 na araw sa panahon ng Pangkalahatang Halalan ng Nobyembre. Napalawak ng pagpapadami ng bilang ng mga lokasyon sa personal na pagboto na ito ang sakop upang matugunan ang mga pangangailangan ng sari-sari at malawak na kondado na may maraming hiwa-hiwalay na komunidad.

Mananatili ang pagtuong ito sa pagpapalawak ng sakop pagpasok ng halalan sa Marso 2024, habang pinagpaplanuhan ng Tagapagrehistro ng Mga Botante na magtatag ng 26 na Sentro ng Pagboto na magiging bukas sa loob ng 11 araw at humigit-kumulang 146 lokasyong magiging bukas 4 na araw bago ang Araw ng Halalan.



Mga Minimum na Pag-aatas para sa Sentro ng Pagboto

Tutukuyin ang mga sentro ng pagboto batay sa mga iniaatas ng batas, accessibility para sa mga botanteng may kapansanan at pangangailangan sa wika, at feedback ng publiko. Gagamit ang Tagapagrehistro ng Mga Botante ng data na batay sa kasaysayan, pati na rin ng data ng botante at populasyon para mapili ang pinakamagandang lokasyon para sa mga sentro sa pagboto.

Labis na tumuon ang Tagapagrehistro ng Mga Botante sa paggamit ng mga gusali ng pamahalaan sa panahon ng pandemya nang ipinatupad ang modelo sa pagbotong “kagaya ng VCA” noong Nobyembre 2020. Nagpatuloy ang pamamaraang ito sa mga halalan noong Setyembre 2021, Hunyo 2022, at Nobyembre 2022. Natutugunan ng mga site na ito ang marami sa mga salik at pamantayang iniaatas ng Batas sa Pagpili ng Botante na isinasaalang-alang ng mga kondado, na nangangahulugang patuloy na malalaman ng mga botante ng Kondado ng Riverside kung saan matatagpuan ang mga opsyon para sa pagboto nang personal. Bilang karagdagan, pinaplano din ng Tagapagrehistro ng Mga Botante na patuloy na magpanatili ng aktibong database ng

mga potensyal na lokasyon ng sentro ng pagboto na patuloy na sinu-survey upang matiyak na natutugunan ng mga ito ang mga pangangailangan sa madaling pag-access ng lahat ng botante. Nakikipagtulungan ang kondado sa mga komunidad para tugunan ang anumang alalahanin para sa mga lokasyon at aktibong nagtatrabaho para isama ang mga resolusyon para mapagaan ang mga alalahaning ito.

Proseso ng Pagkalap ng Pasilidad ng Sentro ng Pagboto

Sinusuri at tinatasa ang mga dating lugar ng botohan para makita kung natutugunan ng mga ito ang mga minimum na iniaatas ng Kondado ng Riverside para sa isang Sentro ng Pagboto. Nakipag-ugnayan na sa mga lokasyong hindi makakapaglaan ng lugar para sa Mga Sentro ng Pagboto dahil sa mga limitasyon sa kuwadrang talampakang sukat, available na oras o iba pang salik na kaugnay ng partikular na pag-aatas upang ipaalam sa kanila na hindi na nila matutugunan ang mas mahihigpit pang pangangailangan at pamantayang itinakda ng VCA.

Nagpaplano ang Tagapagrehistro ng Mga Botante na magpadala ng mga liham na nagtatanong tungkol sa pagiging available ng mga potensyal na site humigit-kumulang anim na buwan bago ang bawat nakaiskedyul na halalan. Inaasahang makakatulong ang paunang pakikipag-ugnayang ito na mapanatili ng kagawaran ang patuloy na pakikipagtulungan sa mga kasamang ahensya at tulungan silang mapagplanuhan ang pagiging available sa maraming araw ng botohan.

Bilang karagdagan sa pagsasaalang-alang sa mga kinakailangang pamantayan, isinasaalang-alang ng pagtatasa ng survey sa sentro ng pagboto ang marami sa iba pang elemento ng pagpili ng site na, bagama't hindi kinakailangan ng batas, ay nakakaapekto sa proseso ng paglalagay ng sentro ng pagboto. Ang ilang halimbawa ng mga elemento ng pagpili ng site na ito ay kinabibilangan ng landas ng paglalakbay, laki ng silid ng pagboto, pagkakaroon ng sapat na ilaw (sa loob at labas), ang heyograpikong lugar ng iminungkahing site, koneksyon sa internet, at kapasidad ng kuryente.

Layout ng Sentro ng Pagboto

Kodigo sa Mga Halalan §4005(a)(10)(I)(vi)(XI)

Ang karanasan sa pagboto sa Sentro ng Pagboto ng Kondado ng Riverside ay katulad ng pagboto sa tradisyonal na lugar ng botohan, nang may ilang pangunahing pagbubukod. Nag-aalok ang lahat ng Sentro ng Pagboto ng maraming istasyon sa pag-check in kung saan madaling mapapatunayan ng tauhan ng halalan ang pagkakakilanlan ng botante at mabibigyan sila ng mabilis na access sa kanilang bukod-tanging balota. Dapat magkaroon ang bawat sentro ng pagboto ng hindi bababa sa tatlong makina ng pagboto na magagamit ng mga botante na may mga kapansanan.

Magagawa ng mga mamamayan ang mga sumusunod sa alinman sa mga lugar sa pagboto nang personal na ito:

- Bumoto sa kanilang partikular na balota sa pagboto nang personal sa device sa pagmamarka ng balota
- Bumoto sa iba't ibang wika
- Ihulog ang kanilang nakumpleto at nalagdaang sobre ng balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo
- Magparehistro at bumoto agad-agad gamit ang Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante

Nagtatampok ang bawat Sentro ng Pagboto ng 10 device sa pagmamarka ng balota at limang istasyon sa pag-check in bilang pagsisikap na pantay na maitaguyod ang agarang serbisyo sa customer at lugar at pagkapribado upang malayang makaboto sa kanilang mga balota ang mga botante. Mayroon ding mga nakalaang Personal Protective Equipment, o PPE, mga istasyong may hand sanitizer, mga sanitary wipe, mga face mask, shield at glove sa mga Sentro ng Pagboto upang magtaguyod ng lugar na nakakaengganyo at mabuti sa kalusugan, at positibong karanasan sa pagboto.

Pagtatalaga ng mga Tauhan sa Sentro ng Pagboto

Kodigo sa Mga Halalan §4005(a)(10)(I)(vi)(IX)

Nakatuon ang Kondado ng Riverside sa pagbibigay sa mga botante ng pinakamagandang karanasan sa pagbotong posible. At nagsisimula ang paninindigang

iyon sa kung paano namin sinasanay ang aming Mga Opisyal sa Halalan. Umuupa ang Tagapagrehistro ng Mga Botante ng dalawang pansamantalang empleyado bilang mga co-lead para sa bawat site para sa personal na pagboto isang buwan bago ang halalan at pinapasailalim sila sa mahigpit na Akademiya para sa Halalan bilang paghahanda sa mga gawaing gagampanan nila.

Habang lumilipat ang Kondado ng Riverside sa mga sukatang itinatakda ng Batas sa Pagpili ng Botante, nagbibigay ang karagdagang linggo ng personal na pagboto ng pagkakataon para sa mga lead na makakuha ng direktang karanasan sa 26 na sentrong bukas 11 araw bago ang Araw ng Halalan. Makakatulong ito sa kanilang makakuha ng mahalagang karanasan bago mamuno sa iba pang site sa buong Kondado ng Riverside.

Batay sa mga naunang halalan sa ilalim ng modelong “kagaya ng VCA” at sa mga tinatayang pangangailangan para sa mga lead sa bawat site, inaasahang 6 na Opisyal sa Halalan ang nasa bawat site sa unang linggo ng personal na pagboto at 10 Opisyal sa Halalan ang nasa bawat site simula sa weekend bago ang Araw ng Halalan.


Mahalaga rin ang ginagampanan ng mga volunteer upang matiyak na magiging matagumpay ang Mga Sentro ng Pagboto. Sa kadahilanang iyon, sasamahan ng hindi bababa sa 8 volunteer ang mga co-lead sa bawat Sentro ng Pagboto simula sa weekend bago ang Araw ng Halalan. Magiging handang-handa ang mga volunteer na tulungan ang kanilang kapwa miyembro ng komunidad na bumoto, dahil kinakailangang sumailalim ang bawat isa sa hindi bababa sa dalawang oras na pagsasanay mula sa mga tagapagturo ng Tagapagrehistro ng Mga Botante. Pangunahing isinasagawa ang mga pagsasanay na ito gamit ang telecommuting platform na Zoom, bagama't may available ring ilang personal na pagsasanay.

Ang isang kritikal na bahagi ng proseso ng pagsasanay ay ang pagsama ng impormasyon para matiyak ang accessibility para sa mga botante na may mga kapansanan. Sinanay ang mga kawani ng Sentro sa Pagboto na gamitin nang wasto ang aparato sa pagmamarka ng balota kasama ang audio ballot.

Formula at Mga Salik para sa Kahong Hulugan ng Balota

Kodigo sa Mga Halalan §4005(a)(10)(I)(vi)(II)

Inaatasan ng Batas sa Pagpili ng Botante ang mga kondado na maglaan ng hindi bababa sa isang lokasyon ng kahong hulugan ng balota sa kada 15,000 rehistradong botante. Tinitingnan ng Kondado ng Riverside ang populasyon ng botante sa bawat lungsod at mga unincorporated area sa mga Distrito ng Pangangasiwa para matukoy ang bilang ng mga kahong hulugan ng balota. Magkakaroon ng humigit-kumulang 87 na lokasyon para sa paghulog ng balota para sa Halalan sa Marso 2024.



Kasalukuyang gumagamit ang Kondado ng Riverside ng mga lokasyon sa paghulog ng balota na may tauhan, sa pamamagitan ng paghahalo ng mga kahon sa lahat ng 28 opisina ng Lungsod sa kondado kasama ng mga kahon para sa paghuhulog na may tauhan sa mga piling lokasyon sa kondado. Gaya ng mga Sentro ng Pagboto, pinili ang mga lokasyong ito batay sa kanilang lapit sa mga pangunahing ruta ng transportasyon, na may pagdidiin sa paggamit ng mga gusali ng pamahalaan o mga kilalang lugar kung saan nagtitipon-tipon ang komunidad gaya ng mga sentro ng komunidad, aklatan o simbahan.

Mga Minimum na Pag-aatas para sa Kahong Hulugan ng Balota

Kodigo sa Mga Halalan §4005(a)(10)(I)(vi)(VI)

Bukod sa mga minimum na pag-aatas na itinatakda ng Batas sa Pagpili ng Botante, nagbibigay ang opisina ng Kalihim ng Estado ng California ng mga karagdagang regulasyon gaya ng mga pag-aatas kaugnay ng accessibility at wika. Tinutugunan ng Kondado ng Riverside ang patakaran sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga pagtatasa sa mga site upang matiyak na nakaposisyon ang mga pangkat sa bawat site sa puwesto kung saan magagawa ng lahat ng botanteng ihulog ang kanilang balota ng VBM. Nagpapaskil din ang kondado ng karatula sa bawat kahon para sa paghulog nito na nagsasabi sa publiko na opisyal na kahon ng balota ang hulugan at nagbibigay ng tagubilin sa lahat ng iniaatas na wika.

Form sa Website para sa Pagmumungkahi sa Pagpili ng Site

Ang isa pang paraan sa pagpili ng mga lokasyon para sa Sentro ng Pagboto at Kahong Hulugan ng Balota ay sa pamamagitan ng feedback ng publiko na natanggap mula sa website ng kondado sa voteinfo.net/votecenter. Maaaring mag-click ang publiko sa link ng Form para sa Pagmumungkahi ng Site at magsulat ng pangalan at address ng pasilidad at dahilan ng pagmumungkahi sa site sa napupunang PDF na dokumento. Patuloy na nagfa-follow up ang Tagapagrehistro ng Mga Botante sa mahalagang feedback na ito at naghahanap ng mga potensyal na site.

Mga Serbisyo para sa Mga Botanteng May Kapansanan

Kodigo sa Mga Halalan §4005(a)(10)(I)(vi)(X)

Nakatuon ang Kondado ng Riverside sa pagsuporta sa lahat ng mga botante, kabilang iyong mga may kapansanan, sa pamamagitan ng pinal na paglipat sa Mga Sentro ng Pagboto. Handang-handa ang Tagapagrehistro ng Mga Botante sa pagsasagawa ng pinal na hakbang na ito sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na pagtatagumpay nito sa pagpapatupad ng modelong “kagaya sa VCA” sa mga pang-kondado na halalan noong Nobyembre 2020 at Setyembre 2021. Sa diwa ng patuloy na pagpapahusay para sa ikabubuti ng mga botante sa kondado, pinaplano ng Tagapagrehistro ng Mga Botante na palawigin at i-update ang mga serbisyo para sa mga botanteng may kapansanan gaya ng paggamit ng isang updated at komprehensibong survey sa accessibility, pagpapatupad ng bagong programa sa pagsasanay para ma-standardize ang mga diskarte sa pag-survey at pagpapalawig sa kakayahang makaboto nang mag-isa sa bahay.

Na-update na Survey at Pagsasanay sa Accessibility

Kodigo sa Mga Halalan §4005(a)(4)(C)

Para makasunod sa mga karagdagang kinakailangan sa accessibility, sinuri ng Tagapagrehistro ng Mga Botante ang Checklist para sa SOS Accessibility at gumawa ito ng mga komprehensibong survey. Ginagamit ang impormasyon mula sa mga mabusising survey sa bawat lokasyon para makagawa ng draft ng mga layout ng pasilidad para sa bawat site para matulungan ang Mga Sentro ng Pagboto sa pagse-set up ng kagamitan. Nagsagawa na rin ang Tagapagrehistro ng Mga Botante ng mas proactive na paraan ng pagtiyak na makikipagtulungan nang maigi ang mga tauhan sa pagsu-survey sa mga namumuno sa mga pagsasanay sa Sentro ng Pagboto para masigurong isasaalang-alang ng mga co-lead sa bawat site ang pamamagitan kapag nagse-set up sila ng isang partikular na lokasyon.

Dagdag pa rito, gumawa rin ang Tagapagrehistro ng Mga Botante ng E-Learning Module na nakatuon sa pagbibigay ng detalyado at visual-centric na karanasan sa pagkatuto sa lahat ng miyembro ng mga tauhan na nagsasagawa ng mga survey na nagbibigay-daan

sa kanilang mas maunawaan ang lahat ng mga konsepto ng pagsu-survey tungkol sa accessibility at pamamagitan para sa mga bagay na tulad ng daanan sa pagbiyahe, mga magagamit na espasyo sa pagparada, mga slope at pressure ng pinto at iba pang bagay na kailangan para makumpleto ang SOS checklist. Tinitiyak ng pagsasanay na ito ang pagkakaroon ng hindi paiba-ibang terminolohiya at mga paraan na itinuturo sa bawat miyembro ng mga tauhan.

Mga Sanggunian para sa Mga Serbisyo para sa Mga Botanteng may Kapansanan sa Mga Gabay ng Botante

Kodigo sa Mga Halalan §4005(a)(8)(B)(i)(IV)

Ang Patnubay na Impormasyon para sa Botante na ginawa ng Tagapagrehistro ng Mga Botante para sa bawat halalan ay kinabibilangan ng impormasyon tungkol sa kung paano makakahingi ng tulong ang mga botanteng may kapansanan, impormasyon sa numero ng telepono ng Hotline sa Pagboto ng California para sa Mga Karapatan ng May Kapansanan, impormasyon tungkol sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo na Naa-access nang Malayuan (Remote Accessible Vote-by-Mail), o RAVBM at mga paraan kung paano makakaugnayan ang opisina para sa anumang pangkalahatang tanong. Bukod pa rito, isinasaad ng patnubay na may mga paraan kung paano makakahingi ng tulong ang mga botanteng walang kakayahang magmarka ng balota.

Paghiling para sa isang Pamalit na Balota o RAVBM

Kodigo sa Mga Halalan §4005(a)(8)(B)(i)(IV)

Puwedeng humiling ang mga botanteng may kapansanan ng balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo, pamalit na balota o ng RAVBM sa pamamagitan ng website ng Tagapagrehistro ng Mga Botante sa www.voteinfo.net, pag-email sa amin sa ROVWeb@rivco.org, pagtawag sa telepono, pagsulat o pagpunta nang personal sa aming opisina, na matatagpuan sa 2720 Gateway Drive sa Riverside. Bukod pa rito, magagawa ng mga botante ang paghiling para sa isang balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo o pamalit na balota nang personal sa alinmang Sentro ng Pagboto.

Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo na Naa-access nang Malayuan

Kodigo sa Mga Halalan §4005(a)(8)(B)(i)(IV)

Puwedeng humiling ng nada-download na balota ang mga rehistradong botante sa Kondado ng Riverside sa pamamagitan ng pagkonekta sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo na Naa-access nang Malayuan, o RAVBM. Nakikipagtulungan ang Kondado ng Riverside sa Democracy Live para maibigay ang serbisyong ito. Binibigyan ng RAVBM ang mga botante ng kakayahang humiling ng elektronikong balota. Ang elektronikong balotang ito ay maaaring i-download sa computer ng botante, markahan gamit ang sarili nilang pantulong na teknolohiya at saka i-print. Ang balotang ito ay maaaring ibalik sa parehong paraan ng pagbabalik ng balota ng VBM, kabilang ang alinmang mailbox, lokasyon ng Kahong Hulugan ng Balota o Sentro ng Pagboto.

Orihinal na opsyon ang RAVBM sa pagboto na nakalaan para sa militar at sa ibang bansa na mga botante at mga botante na may mga kapansanan, pero magagamit na ngayon ng lahat ng mga botante. Naa-access ang RAVBM para sa mga botante na gumagamit ng pantulong na teknolohiya sa kanilang mga computer sa bahay, gaya ng mga screen reader na programa.

Mga Naa-access na Makina sa Pagboto

Mga Kodigo sa Mga Halalan §4005(a)(2)(B), §4005(a)(4)(D), §4005(a)(10)(I)(vi)(X)

Eksklusibong magtatampok ng hindi bababa sa 10 naa-access na device sa pagmamarka ng balota ang lahat ng Mga Sentro ng Pagboto sa Kondado ng Riverside at magiging handa itong paramihin pa ang bilang na iyon depende sa mga pangangailangan ng botante at sa laki ng silid sa pagboto.

Magagawa ng mga botante na markahan ang kanilang balota gamit ang touch screen na display, ang Audio Tactile Interface ng device o ng kanilang sariling pantulong na teknolohiya. Ise-set up ang pasilidad ng Sentro ng Pagboto nang isinasaalang-alang ang pagkapribado ng lahat ng mga botante, na siyang makakapagbigay sa lahat ng mga botanteng may kapansanan ng malayang karanasan. Aayusin ang mga istasyon sa pagboto upang mabigyan ang lahat ng mga botante ng pagkakataong maihulog ang kanilang balota nang pribado at malaya.

Mga Makatuwirang Pagbabago sa Mga Sentro ng Pagboto

Mga Kodigo sa Mga Halalan §4005(a)(6)(D), §4005(a)(10)(I)(vi)(X)

Ginawa ang Mga Sentro ng Pagboto ng Kondado ng Riverside nang isinasaalang-alang ang lahat ng mga botante. Ang lahat ng mga device sa pagmamarka ng balota sa Mga Sentro ng Pagboto ay gumagamit ng iba't ibang pantulong sa audio at sensory upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga taong nangangailangan ng tulong.

Kabilang dito ang screen reading, pag-magnify at mga inverted na kulay, pati na ang kapasidad ng paggamit ng isang tao ng kanyang sariling mga device sa pang-araw-araw upang maihulog ang kanyang balota. Makakapagbigay ng mga magnifier kapag hiniling at may mga upuan sa mga mesa para sa pag-check in at mga unit sa pagboto kapag hiniling. Kung kailangan ng isang botante ng karagdang tulong, magkakaroon ng Mga Opisyal sa Halalan na tutulong sa isang botante bilang visual na gabay.

Mabusising na-survey para sa accessibility ang bawat site ng Sentro ng Pagboto, dahil binibigyang-daan ng paglipat na ito sa modelong Batas sa Pagpili ng Botante ang Tagapagrehistro ng Mga Botante na piliin ang mga site na maituturing na “pinakamaganda sa lahat” sa bawat lungsod at unincorporated area sa kondado. Tinitiyak ng Operations team ng Tagapagrehistro ng Botante na makapagbigay ng mga threshold ramp kung may anumang slope na maaaring maging hadlang sa mga botante, mga cone para matukoy ang mga potensyal na panganib at mga mat para matakpan ang mga panganib. Tinutukoy din nila ang ideyal na paraan ng pag-set up ng site ng Mga Opisyal sa Halalan para masiguro ang pinakaangkop na daanan para sa lahat ng mga botante at magkaroon sila ng pinakamagandang karanasan sa pagboto.

Pagboto sa Gilid ng Bangketa

Ipinagmamalaki ng Tagapagrehistro ng Mga Botante ang kakayahan nitong makapag-alok sa mga botante ng paraan sa pagboto nang hindi na nila kailangang umalis sa kanilang sasakyan. Maaaring lumahok ang mga botante sa programang Pagboto sa Gilid ng Bangketa sa pamamagitan ng pagtawag sa Tagapagrehistro ng Mga Botante pagdating nila sa parking lot ng isang Sentro ng Pagboto o sa pamamagitan ng pag-ring sa doorbell ng Botante sa Gilid ng Bangketa na available sa bawat sentro ng pagboto. Tatanungin ng mga tauhan ang botante kung gusto niyang magpatala ng balota sa

isang papel na balota o device sa pagmamarka ng balota. Maglalabas ang dalawang Opisyal sa Halalan ng naa-access na setup ng unit sa pagboto, kasama na ang printer at supply ng baterya para kaginhawaan ng botante.

Toll-Free na Linya ng Telepono para sa Botante

Kodigo sa Mga Halalan §4005(a)(10)(I)(vii)

Bibigyan ang publiko ng toll-free na numero ng telepono para sa botante para maidirekta ang mga botante sa mga feature sa accessibility para makapagtanong at makatanggap ng mga impormasyong nauugnay sa pagboto at sa halalan. Ipapakita ang toll-free na numero ng telepono sa website ng Tagapagrehistro ng Mga Botante, mga anunsyo sa serbisyo publiko at ibibigay sa media outreach at direktang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa botante gaya ng mga kalakip sa balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo at sa Patnubay na Impormasyon para sa Botante.

Maaaring gamitin ng mga botanteng bingi, nahihirapang makarinig o may kapansanan sa pagsasalita ang California Relay Service sa pamamagitan ng pagtawag sa 711 para magamit ang system ng telepono sa pamamagitan ng isang text telephone o iba pang device. Sinusuportahan ng California Relay Service ang mga sumusunod na paraan ng komunikasyon; TTY, VCO, 2LVCO, HCO, STS, VASTS, ASCII o Voice.

Pakikipagkumperensya sa Pamamagitan ng Video

Gagamit ang Tagapagrehistro ng Mga Botante ng Zoom o Teams para makapagbigay ng tulong sa interpretation sa American Sign Language sa lahat ng Mga Sentro ng Pagboto.

Mga Serbisyo ng Tulong sa Wika

Nagsisikap ang Tagapagrehistro ng Mga Botante na makapagbigay ng mga komprehensibo at inobatibong serbisyo ng tulong sa wika sa mga botante sa isang kondado na nagkaroon ng mas pinalawig na pangangailangan sa nakalipas na dekada. Mula sa pagkakaroon ng mga dedikadong bilingual na tauhan na naghahanda ng mga pagsasalin na angkop sa kultura, mga pakikipagsosyo sa mga organisasyon sa buong Kondado ng Riverside na kumakatawan sa ating malawak na dibersidad ng mga wika hanggang sa pakikilahok sa maraming event sa bawat rehiyon ng kondado. Nakatuon ang Tagapagrehistro ng Mga Botante sa pagbibigay ng maraming oportunidad para malaman ng mga komunidad ng wika ang tungkol sa pinal na paglipat na ito sa Mga Sentro ng Pagboto.

Mga Isinaling Sangguniang Balota at Card ng Tulong sa Wika

Kodigo sa Mga Halalan §13400

Alinsunod sa Kodigo sa Mga Halalan ng California na §14201, inatasan ang Tagapagrehistro ng Mga Botante na magbigay ng mga naisaling sangguniang balota sa mga naka-target na presinto at card na nagsasaad na may mga sangguniang balotang nakasalin sa Korean, Tagalog, Chinese (Mandarin) at Vietnamese sa mga naka-target na presinto.

Tinutukoy ang mga naka-target na presinto sa pamamagitan ng mabusising Pagsusuri sa Wika at ang mga kaukulang uri ng balota ay isasalin ng isang nakakontratang vendor ayon sa mga kinakailangan sa ilalim ng Kodigo sa Mga Halalan ng California na §13307. Gamit ang bagong modelo sa pagboto, bibigyan ng Kondado ng Riverside ang mga botante ng kakayahang makakita ng naisaling sangguniang balota sa isang Sentro ng Pagboto gamit ang isa sa mga laptop at printer sa bawat site. Ang bawat site ay may live na connectivity na nagbibigay-daan sa pag-access sa mga file na ito sa pamamagitan ng nakabahaging drive. Dagdag pa rito, makakahingi ang mga botante ng nakasaling sangguniang balota sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono, mail, o fax sa loob ng hanggang 10 araw bago ang Araw ng Halalan.

Nagbibigay ang Kondado ng Riverside ng inklusibong card ng tulong sa wika, na naglilista sa pagiging available ng mga nakasaling sangguniang balota at lahat ng mga serbisyo sa wika na available sa Mga Sentro ng Pagboto.

Mga Serbisyo ng Tulong sa Wika na kasama sa mga patnubay para sa botante at website

Kodigo sa Mga Halalan §4005(a)(10)(I)(vi)(IX)

Aabisuhan nang ilang beses ang mga botante sa buong panahon ng halalan tungkol sa kanilang kakayahang humiling ng mga nakasaling materyal. Ang Patnubay na Impormasyon para sa Botante, na ipinapadala sa koreo sa lahat ng mga rehistradong botante, pati na ang mga tagubilin na kalakip sa bawat package ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo, ay may kasamang impormasyon tungkol sa kung aling mga materyal sa iba't ibang wika at mga serbisyo ng Tulong sa wika ang available.

Nagbibigay din ang Tagapagrehistro ng Mga Botante ng kumpletong listahan ng mga serbisyo ng tulong sa wika na available sa ilalim ng bagong modelo sa pagboto sa website nito, ang www.voteinfo.net.

Mga Tauhan sa Blinigual na Suporta at Mga Sinusuportahang Wika

Kodigo sa Mga Halalan §4005(a)(10)(I)(vi)(IX)

Tinitiyak ng Tagapagrehistro ng Mga Botante na may mga angkop na tauhan sa lahat ng lokasyon ng Mga Sentro ng Pagboto para matugunan ang mga pangangailangan sa wika ng lahat ng mga botante, kabilang ang pagtiyak na maraming mga naglilingkod na Opisyal sa Halalan na nakakapagsalita ng Spanish sa bawat site. Dagdag pa rito, tinutukoy rin ng opisina kung aling Mga Sentro ng Pagboto ang ilalagay sa mga presinto upang matugunan ang mga kinakailangan sa wika sa ilalim ng pederal na Batas sa Mga Karapatan sa Pagboto para sa personal na tulong sa wika. Bukod pa rito, pinaplano ng Tagapagrehistro ng Mga Botante na humingi ng input mula sa publiko tungkol sa kung aling Mga Sentro ng Pagboto ang dapat magkaroon ng mga tauhang bihasa sa mga partikular na wika.

Sa Mga Sentro ng Pagboto na matutukoy na nakakatugon sa mga kinakailangan sa tulong sa wika, magkakaroon pa rin ng mga alternatibong opsyon ang mga botante na

makatanggap ng mga in-laguage na tulong kabilang ang mga nakasaling nakasulat na materyal, tulong sa tauhan ng Tagapagrehistro ng Mga Botante sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono o tulong gamit ang pakikipagkumperensya sa pamamagitan ng video.

Toll-Free na Linya ng Telepono para sa Botante at Multilingual na Pampublikong Call Center

Mga Kodigo sa Mga Halalan §4005(a)(10)(I)(vii), §4005(a)(10)(I)(i)(I)

Hanggang sa Araw ng Halalan, magbubukas ang Tagapagrehistro ng Mga Botante ng isang pampublikong call center para matulungan ang mga botante na makakasalamuha ng tauhang bilingual na operator sa mga iniatas na wika ng pederal at estado, bago ang, habang, at pagkatapos ng halalan para makapagbigay ng in-laguage na tulong. Maaari ring tumawag ang mga botanteng may pangangailangan sa wika sa toll-free na linya ng telepono para sa botante para makapagtanong at makatanggap ng impormasyong nauugnay sa pagboto at sa halalan. Ang toll-free na numero ng telepono ay 1(800) 773-VOTE (8683) at naka-activate na ito. Makikita nang madalas ang numerto sa Website ng Tagapagrehistro ng Mga Botante, www.voteinfo.net, mga anunsyo sa pampublikong serbisyo, mga release ng balita sa mga departamento at direktang pakikipag-ugnayan sa botante gaya ng Patnubay na Impormasyon para sa Botante. Ito lang ang nag-iisang toll-free na numero para sa paglilingkod sa publiko.

Pakikipagkumperensya sa Pamamagitan ng Video

Bukod pa sa mga personal na suportang ibinibigay sa mga botante sa Mga Sentro ng Pagboto, pinaplano rin ng Tagapagrehistro ng Mga Botante na gamitin ang mga platform sa video teleconference para makapagbigay ng direktang one-on-one na multilingual na tulong sa mga botante. Tinitiyak nitong magagawa ng mga botanteng nangangailangn ng tulong sa wika na makipag-usap sa sinanay na bilingual na tauhan na mahusay na makakagabay sa kanila sa paraang berbal at biswal upang maging maayos ang pakikilahok nila sa proseso, kahit na walang partikular na bilingual na tauhan sa Sentro ng Pagboto. Magkakaroon din ng suporta sa telepono depende sa kagustuhan ng humihiling na botante.

Kabilang sa mga sinusuportahang wika ang:

- Spanish
- Vietnamese
- Chinese (Mandarin)
- Chinese (Cantonese)
- Korean
- Tagalog
- American Sign Language

Teknolohiya ng Pagboto

Direktang Koneksyon sa Database ng Botante

Binibigyang-daan ng pormal na pag-aangkop ng Kondado ng Riverside sa Batas sa Pagpili ng Botante ang Tagapagrehistro ng Mga Botante na ganap na magamit ang isang mekanismong nagbibigay-daan sa efficient at secure na pagpoproseso ng mga kwalipikadong botante sa alinmang lokasyon ng Sentro ng Pagboto sa buong kondado. Sa halip na gamitin ang lumang system kung saan kinakailangan ang paggawa ng mga papel na listahan ng mga botanteng nakatalaga sa isang partikular na lugar ng botohan, binibigyang-daan ng bagong paraan ng pagboto na ito ang pagkakaroon ng direktang koneksyon sa system ng pamamahala sa halalan ng Tagapagrehistro ng Mga Botante.

Ang Tagapagrehistro ng Mga Botante ay gumagamit ng limang laptop na matatagpuan sa istasyon sa pag-check in ng bawat Sentro ng Pagboto. Kukumpleto ng kahilingan sa balota ang isang botante, kung saan isasaad niyang hindi pa siya nagbibigay ng kanyang orihinal na balota na ipinadala sa koreo at isinasaad din niyang isinusuko niya ang paggamit ng balotang iyon upang makaboto nang personal. Magagamit ng Mga Opisyal sa Halalan ang nalagdaang dokumentong iyon, o ang isang lagdang inilagay sa pahina ng listahan sa mesa sa pag-check in, para mahanap ang botante sa system ng pamamahala sa halalan. Kapag nahanap na ng Opisyal sa Halalan ang botante sa database, nabibigyan siya ng impormasyon tungkol sa kung nakaboto na ang botante o kung kwalipikado siyang magpatala ng balota.

Sistema ng Pagboto

Binago ng Kondado ng Riverside ang sistema ng pagboto nito noong 2019 dahil sa pag-decertify ng estado sa ilang partikular na uri ng kagamitan sa pagboto na naging dahilan para mabawasan ang bilang ng mga pinapayagang modipikasyon sa isang labis na pinaghihigpitang kapaligiran. Sa madaling salita, kakaunti lang ang opsyon sa California.

Nakipagkontrata ang Tagapagrehistro ng Mga Botante sa Dominion Voting bilang solusyon sa sistema ng pagboto para sa kagamitan nito sa parmamarka ng balota at

pag-tabulate. Ginagamit ng Tagapagreistro ng Mga Botante ang Democracy Suite na kagamitan sa pagboto nito. Ang bawat Sentro ng Pagboto ay nagtatampok ng 10 sa kanilang mga device sa pagmamarka ng balota, na eksklusibong ginagamit para sa lahat ng mga botante.

Para ganap na maging maganda ang karanasan ng botante, ginagamit din ng Tagapagrehistro ng Mga Botante ang teknolohiyang On-Demand na Balota ng kumpanya para makapagbigay ng papel na balota para sa mga botanteng mas gugustuhin ang opsyong iyon. Sinusubukan din ng opisina na magdagdag ng teknolohiyang nagsa-scan ng balota ng bawat botante sa lugar ng botohan habang ipinapatala nila ito.

Bagong Teknolohiya

Bukod pa sa pagpapahusay sa karanasan ng botante, magpapakilala ang Tagapagrehistro ng Mga Botante ng ilang bagong teknolohiya kasabay ng paglipat sa Mga Sentro ng Pagboto na makakatulong din sa pagtitipid sa gastusin at makakabawas sa oras na kinakailangan para ma-tabulate ang mga resulta sa Gabi ng Halalan.

On-Demand na Balota

Sa ilalim ng dating paraan ng pagboto, nakaasa ang Kondado ng Riverside sa inventory ng papel na balota para sa lahat ng mga botante na nakatalagang bumoto sa lokasyon ng botohan sa kanilang lugar. Ibig sabihin nito, ang bawat lokasyon ay may ilang partikular na presinto sa pagboto batay sa iba't ibang uri ng balota. Sa pangkalahatan, may mahigit 400 uri ng balota ang Kondado ng Riverside para sa isang malaking halalan. Dahil binibigyan ng modelong Batas sa Pagpili ng Botante ang mga botante ng kakayahang bumoto sa alinmang sentro ng pagboto, magiging labis na hindi epektibo at pagsasayang sa pera ng nagbabayad ng buwis ang paggamit ng sistema ng inventory ng papel na balota.

Matagumpay nang natiyak ng Tagapagrehistro ng Mga Botante na makakapagpatala ng tamang balota ang mga botante habang bumoboto nang personal noong Nobyembre 2020 at Setyembre 2021 sa pamamagitan ng paggamit nito sa inventory nito ng Accessible Voting Units, o mga AVU. Malaking bilang ng mga botante ang mas pumipili

sa paggamit ng device sa pagmamarka ng balota na ito, bagama't may ilang botanteng gusto pa ring ipilit ang paggamit ng “papel na balota.”

Simula sa Pang-gobernador na Primaryang Halalan sa Hunyo 2022, nagpatupad ang Tagapagrehistro ng Mga Botante ng isang espesyal na teknolohiya sa pagpi-print sa bawat Sentro ng Pagboto para mai-print ng Mga Opsiyal sa Halalan ang partikular na uri ng balota ng mga botante. Tinitiyak ng sistemang “On-Demand na Balota” na ito na hindi na kakailanganing gumawa ng Tagapagrehistro ng Mga Botante ng mas malaking bilang ng inventory ng papel na balota kumpara sa kinakailangan.

Mga Scanner sa Presinto

Sa ilalim ng dating paraan ng pagboto, inilalagay ng mga botante ng Kondado ng Riverside ang kanilang mga nakumpletong papel na balota sa isang asul na kahon ng balota bago umalis sa lokasyon ng personal na pagboto. Pagkatapos, lahat ng mga balota ay secure na inaalís sa asul na kahon ng balota kapag tapos na ang botohan at secure na inililipát ang mga ito sa opisina ng Tagapagrehistro ng Mga Botante para sa pagbibilang.

Pinaplano ng Tagapagrehistro ng Mga Botante na magdagdag ng mga bagong makina sa Pag-scan sa Presinto sa bawat Sentro ng Pagboto na nagtatala ng lahat ng botong inilagay sa bawat balota habang inilalagay ng botante ang mga ito sa kahon ng balota. Ang lahat ng mga resulta ay nase-save sa makina sa pamamagitan ng isang memory card, na secure na ililipát sa opisina ng Tagapagrehistro ng Mga Botante kapag tapos na ang mga botohan. Sa pamamagitan ng sistemang ito, kasama na ang pagtatabi sa mga papel na balota bilang alternatibong solusyon kung sakali mang magkaroon ng anumang isyu sa mga memory card, matitiyak na mapoproseso sa mas epektibo at napapanahong paraan ang mga resulta ng halalan.

Seguridad ng Pagboto

Nakikipagtulungan ang Tagapagrehistro ng Mga Botante sa departamento ng Teknolohiya ng Impormasyon ng kondado para makapagsagawa ng mga panseguridad na hakbang para maprotektahan ang integridad ng balota, kagamitan sa pagboto, mga sistema sa pagpaparehistro ng botante at matiyak ang pagiging kwalipikado ng mga botante. Bagama't laging nagbabago ang mga banta at hindi palaging nauulit ang mga insidente, nananatiling matatag ang Kondado ng Riverside sa pagpapatupad ng pinakamahusay na kagawian para makapaghanda sa mga banta at insidente. Patuloy na pinapahusay ng Tagapagrehistro ng Mga Botante ang mga kasalukuyang sistema at aktibo itong nagpapatupad ng mga bagong pamamaraan, habang binibilinan ang lahat ng pansamantala at permanenteng empleyado na maging alerto sa pagbabantay sa mga potensyal na banta. Ang mga babalang ito ay sinusuportahan ng masusing pagsasanay at pagpapatupad ng mga pisikal at cybersecurity na kontrol. Mayroon ding ipinapatupad na mga kaakibat na hakbang sa seguridad ang kondado sa mga network nito para matiyak na hindi makokompromiso ang mga system.

Mga Panseguridad at Pang-emergency na Plano para Matiyak ang Pag-iwas sa Pagkaantala

Kodigo sa Mga Halalan §4005(a)(10)(l)(vi)(VIII)(ia)

Ang Tagapagrehistro ng Mga Botante ay mayroong multi-pronged na pamamaraan upang matiyak ang pag-iwas sa pagkaantala sa mga operasyon ng halalan sa pamamagitan ng mga pakikipagsosyo, mga internal na kontrol at mga pamamaraan.

Mga Pang-estado, Pampederal, at Lokal na Pakikipagsosyo

Ang aming opisina ay mayroong matitibay na ugnayan sa opisina ng Punong Seguridad ng Impormasyon ng Kondado ng Riverside, pati na rin mga direktang koneksyon sa Kagawaran ng Seguridad sa Sariling Bayan, Pederal na Kawanihan ng Pagsisiyasat at sa Komisyon sa Tulong sa Halalan.

Mayroong pinataas na kolaborasyon sa mga cycle ng halalan bago at pagkatapos ng halalan, na kinabibilangan ng pinaigting na kaalaman sa seguridad, komunikasyon, mga regular na pakikipag-ugnayan at mga virtual na pagpupulong.

Mga Internal na Kontrol

Ang Tagapagrehistro ng Mga Botante ay nagpapatupad ng mahigpit na paraan sa pagtiyak ng seguridad sa pisikal na lokasyon nito at virtual sa lahat ng mga device ng mga empleyado nito.

Sa panahon ng mga cycle ng halalan, pinaghihigpitan ng Tagapagrehistro ng Mga Botante ang access sa pangunahing palapag nito hindi lang sa pangkalahatang publiko kundi pati sa mga pansamantalang empleyado. Binabantayan din ng isang pribadong kumpanya ng seguridad ang gusali nang 24 na oras kada araw.

Sa pamamagitan ng pamamahala sa mobile device, nagkakaroon ng ganap na kontrol sa pag-secure at pagpapatupad ng mga patakaran sa mga smartphone, tablet at iba pang device. Binibigyang-daan nito ang kakayahang i-wipe ang isang device nang malayuan, gumamit ng pagpapatupad ng password, i-enable ang pag-whitelist o pag-blacklist sa application, gumamit ng pagpapatupad ng pag-encrypt ng data, kontrolin ang mga update sa software, iatas ang mga pagpapalit ng password at iba pa.

Ang mga lead sa bawat Sentro ng Pagboto ay magkakaroon ng smartphone para maabisuhan sila kung sakali mang magkaroon ng emergency. Dagdag pa rito, tumatanggap ang mga indibidwal na ito ng pagsasanay sa Akademya ng Halalan tungkol sa kung paano pangangasiwaan ang mga sitwasyong pang-emergency na nauugnay sa halalan. Ang bawat Sentro ng Pagboto ay may limang Uninterrupted Power Supply, o UPS, unit para mapanatiling operasyonal ang mga device sa pagmamarka ng balota kung sakali mang mawalan ng kuryente.

Mga Proseso, Paraan at Pamantayan

Ginagamit ang proseso ng chain of custody na pang-administratibong kontrol bilang bahagi ng pangkalahatang estratehiya upang ma-secure ang mga operasyon ng halalan. Tinitiyak ng mga prosesong ito na naipapatupad ang mga pisikal na pagsubaybay sa kagamitan sa sistema ng pagboto.

Ang mga bahagi ng sistema ng pagboto ay naka-secure sa mga kuwarto na nangangailangan ng badge access para mapasok at may kasamang mga surveillance

camera. Ang lahat ng mga kagamitan sa pagboto na dine-deploy sa labas ng site para sa mga halalan ay may maraming selyo at sinusubaybayan ito hanggang sa maibalik sa opisina ng Tagapagrehistro ng Mga Botante.

Ang mga third-party na kumpanya na nagde-deliver ng kagamitan sa pagboto sa mga site ay lumalagda ng mga dokumento para sa chain of custody at mga resibo sa pagpapadala, habang vine-verify naman ng mga tauhan sa halalan ang mga log ng seal para sa kagamitan sa pagboto sa mga lokasyon ng personal na pagboto. Pana-panahon ding sinusuri ng tauhan ang mga selyo ng seguridad sa buong araw at iniuulat ang anumang sirang selyo o kahina-hinalang aktibidad. Lumalagda ng dokumento ang mga kinatawan ng Tagapagrehistro ng Mga Botante para sa kagamitan sa pagboto pagkabalik nito at pagkatapos ay inilalagay ito sa inventory at itinatabi sa isang secue na lokasyon.

Mga Panseguridad at Pang-emergency na Plano para Matiyak ang Pagpapatuloy ng Halalan Kung Sakali Mang Magkaroon ng Pagkaantala

Kodigo sa Mga Halalan §4005(a)(10)(l)(vi)(VIII)(ib)

Naghahanda ang Tagapagrehistro ng Mga Botante para maiwasan ang mga pagkaantala sa panahon ng personal na pagboto; gayunpaman, mahalaga ring maging handang tumugon sa tunay na posibilidad ng isang insidente o pagkaantala. Binabalangkas sa seksyong ito ang mga hakbang na ginawa upang maging handang ipagpatuloy ang mga operasyon ng halalan kung sakali mang magkaroon ng pagkaantala.

Pagtugon ng Sentro ng Pagboto sa Panahon ng Botohan

Sa panahon ng botohan, estratehikong naglalagay ng mga tauhan ng suporta sa halalan sa mga site sa buong Kondado ng Riverside, at handa silang tumugon sa anumang insidente. Ang mga satellite depot na ito ay may kasamang mga pamalit na device sa pagmamarka ng balota, mga pangunahing dokumento at supply at dumaan sa pagsasanay upang makatugon sa mga teknikal na isyu. Nilalayong makatugon ang mga pangkat na ito sa mga sitwasyon sa loob ng wala pang kalahating oras. Ang mga lead sa Sentro ng Pagboto ay mayroon ding pang-emergency na impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa mga tauhan ng Tagapagrehistro ng Mga Botante at IT ng Kondado at isang

dedikadong helpdesk na mabilis na makakapagresolba ng isyu at/o makakapag-dispatch ng mga pangkat ng suporta sa field.

Gumagana nang magkakahiwalay at nag-o-operate nang walang koneksyon sa Internet ang lahat ng mga device sa pagmamarka ng balota. Kung sakali mang mawalan ng kuryente, may isang UPS para sa kada dalawang unit para sa pagboto para matiyak na walang magiging lapse sa pagboto. At bagama't gumagamit ang Tagapagrehistro ng Mga Botante ng koneksyon sa Wi-Fi para ma-access ang Sistema sa Pamamahala ng Halalan nito sa Mga Sentro ng Pagboto para ma-update ang history ng botante nang real-time, nagpapalagda sila ng papel na listahan sa mga botante at maaari silang magpatupad ng Mga Probisyonal na Balota para mabigyang-daan ang tumpak na pakikilahok ng botante kung sakali mang magkaroon ng pagkaantala.

Epekto sa Pananalapi

Dahil pinalitan ng Kondado ng Riverside ang kagamitan nito sa pagboto noong 2019 at dahil sa paggamit ng Tagapagrehistro ng Mga Botante ng modelong “kagaya ng VCA” sa nakalipas na dalawang halalan, may ilang data na nagpapakita kung magkano ang halaga ng pagsasagawa ng halalan para sa buong kondado gamit ang modelong Batas sa Pagpili ng Botante kumpara sa modelong Lugar ng Botohan.

	Nob 2016 Pangkalahatan	Hunyo 2018 Primarya	Nob 2018 Pangkalahatan	Mar 2020 Primarya	Nob 2020 Pangkalahatan	Set 2021 Pagpapaalis sa Katungkulan
Paggawa	\$3,019,209	\$2,522,527	\$2,987,737	\$3,490,851	\$4,338,809	\$4,501,483
Pagpi-print	\$1,636,387	\$1,764,759	\$1,787,320	\$1,577,173	\$2,451,638	\$2,171,384
Postage	\$354,475	\$346,783	\$358,043	\$631,528	\$685,985	\$777,980
Kagamitan	N/A	N/A	N/A	N/A	\$430,497	\$337,351
Kabuuan	\$5,010,071	\$4,634,069	\$5,133,100	\$5,699,552	\$7,906,929	\$7,799,198
Mga Rehidradong Botante	1,022,375	983,917	1,040,218	1,115,675	1,243,154	1,293,611
Mga Nakikilahok	769,193	346,472	650,545	482,272	1,016,896	720,600
% ng Mga Nakikilahok	75.24%	35.21%	62.54%	43.23%	81.80%	55.70%

Pangkalahatang-ideya ng Plano para sa Pagtuturo at Pakikipag-ugnayan sa Botante

Inaatasan ng Batas sa Pagpili ng Botante, o VCA ng California ang Kondado na bumuo ng Plano para sa Pagtuturo at Pakikipag-ugnayan sa Botante na nagbibigay ng transparency at nagbibigay ng impormasyon sa mga botante tungkol sa lahat ng mga aspeto ng bagong paraan ng pagboto. Kabilang dito ang mga serbisyo at impormasyong available sa Mga Sentro ng Pagboto at mga lokasyon ng Kahong Hulugan ng Balota, pati na impormasyon na partikular sa mga botanteng may kapansanan at mga botanteng mula sa minoridad na wika.

Magsasagawa ng mga pampublikong pagpupulong kasama ng iba't ibang organisasyon sa komunidad at mga indibidwal na nagsusulong ng mga serbisyo sa ngalan ng mga komunidad para sa mga may kapansanan at kabilang sa minoridad na wika, o nagbibigay ng mga serbisyo sa mga ito. Pinaplano ng Tagapagrehistro ng Mga Botante na magsagawa ng mga pagpupulong para sa pampublikong konsultasyon, mga pampublikong pagdinig at magho-host ng mga edukasyonal na workshop para bigyan ang publiko ng pagkakataong magbigay ng input at feedback nang direkta sa edukasyon at outreach plan ng Riverside at matiyak na may matibay na pag-unawa ang lahat ng mga residente sa kung paano gagawin ang pagboto sa hinaharap sa Kondado ng Riverside.

Dagdag pa rito, pinaplano ng Tagapagrehistro ng Mga Botante na lumahok sa iba't ibang event sa komunidad at bumuo ng mga inobatibong paraan para makipag-ugnayan sa mga botante gamit ang mga paraan nila ng pagkonsumo ng impormasyon. Hina-highlight ng planong ito ang mga event sa pakikipag-ugnayan na ikokoordina at dadaluhan ng opisinang ito, ibabalangkas ang mga bagong estratehiya sa pagmemensahe na magpapataas sa presensya ng ating pagkakaisa at mga detalye tungkol sa kung paano ipapamahagi ang mga resource.

Nakatuon ang Tagapagrehistro ng Mga Botante sa pagbuo ng mga bagong ugnayan sa mga organisasyon sa komunidad, mga interesadong stakeholder at mga indibidwal na

botante, pati na sa pagpapatibay ng mga kasalukuyang ugnayan sa mga partner sa komunidad sa panahon ng paglipat na ito sa Batas sa Pagpili ng Botante.

Buod ng Mga Layunin

- Bagong website ng Tagapagrehistro ng Mga Botante ng Kondado ng Riverside
- Pag-upa ng Opisyal ng Pampublikong Impormasyon
- Mga Pampublikong Pagdinig na detalyadong nagpapaliwanag sa Batas sa Pagpili ng Botante
- Pagdalo sa mga kaganapan sa pakikipag-ugnayan sa komunidad
- Pakikipag-partner sa mga kolehiyo at unibersidad
- Pakikipag-partner sa matataas na paaralan
- Pagkakaroon ng maraming direktang kontak para sa botante
- Mga edukasyonal na video para sa botante na ginawa ng tauhan
- Mas pinataas na presensya sa social media

Mga Pampublikong Pagdinig

Pinaplano ng Tagapagrehistro ng Mga Botante na isagawa ang mga sumusunod na pampublikong pagdinig bilang bahagi ng pagsunod nito sa Batas sa Pagpili ng Botante.

Petsa	Oras	Lokasyon	Mga Detalye
Agosto 1, 2023	4:00 pm	Zoom	Nangangailangan ang Accessibility ng Pagpupulong sa Pampublikong Konsultasyon
Agosto 10, 2023	4:00 pm	Zoom	Nangangailangan ang Wika ng Pagpupulong sa Pampublikong Konsultasyon
Agosto 29, 2023	4:00 pm	Zoom	Pampublikong Pagdinig Kaugnay ng Draft ng Plano sa Pangangasiwa sa Halalan
Disyembre 14, 2023	4:00 pm	Zoom	Pang-edukasyong Workshop para sa Lahat ng Botante
Disyembre 21, 2023	4:00 pm	Zoom	Pang-edukasyong Workshop para sa Botante sa Accessibility
Disyembre 28, 2023	4:00 pm	Zoom	Pang-edukasyong Workshop para sa Botanteng Nagsasalita ng Spanish
Enero 4, 2024	4:00 pm	Zoom	Pang-edukasyong Workshop para sa Botanteng Nagsasalita ng Tagalog

Enero 11, 2024	4:00 pm	Zoom	Pang-edukasyong Workshop para sa Botanteng Nagsasalita ng Mandarin
Enero 18, 2024	4:00 pm	Zoom	Pang-edukasyong Workshop para sa Botanteng Nagsasalita ng Cantonese
Enero 25, 2024	4:00 pm	Zoom	Pang-edukasyong Workshop para sa Botanteng Nagsasalita ng Vietnamese
Pebrero 1, 2024	4:00 pm	Zoom	Pang-edukasyong Workshop para sa Botanteng Nagsasalita ng Korean

Pagmemensahe sa Taong 2024

Batay sa feedback at input ng komunidad, itinatag ng Tagapagrehistro ng Mga Botante ang sumusunod na point para sa pagmemensahe para sa Pampresidenteng Primaryang Halalan sa Marso 5, 2024 na makikita sa lahat ng mga materyal sa pakikipag-ugnayan at pagbibigay-kaalaman.

- Ang lahat ng mga botante ay makakatanggap ng balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo
- Maaaring bumoto nang personal ang mga botante ng Kondado ng Riverside sa alinmang Sentro ng Pagboto
- Ang maraming paraan kung paano maipapatala ng mga botante ang kanilang balota
- Pagtingin sa katayuan ng pagpaparehistro ng botante para maging “Handa Nang Bumoto”

Mga Kasosyo sa Komunidad

Kabilang sa matagumpay na pagpapanatili ng programa sa pakikipag-ugnayan sa komunidad ang pagpapanatili ng mga dati nang pakikipagtulungan sa mga grupo at organisasyong nakabatay sa komunidad sa buong kondado. Tinitiyak ng Tagapagrehistro ng Mga Botante na makipagkita at makipag-ugnayan sa mga dedikadong indibidwal mula sa iba't ibang organisasyon sa buong kondado kabilang ang mga grupo ng adbokasiya, sibikong grupo, opisina ng komersyo, grupo ng kabataan,

simbahan, politikal na organisasyon at iba pang mga indibidwal. Ang isang buong listahan ng mga kasosyo sa komunidad ay kasama sa seksyon ng mga apendise.

Komite ng Pagpapayo sa Accessibility ng Pagboto (VAAC)

Layunin ng VAAC, na ginawa noong 2015, na makapagbigay ng forum kung saan makakapagpayo at makakatulong, makakapagpaalam ng mga alalahanin at makapagbigay ng mga rekomendasyon ang komunidad, partikular na ang mga nakatatanda o iyong mga may kapansanan sa Tagapagrehistro ng Mga Botante. Isa sa mga resultang nilalayong makuha sa pamamagitan ng mga pagpupulong na ito ang makahanap ng mga oportunidad para matiyak na accessible sa lahat ng mga botante ang lahat ng lokasyon para sa personal na pagboto. Nagbibigay ng ekspertong payo ang mga miyembro ng komite tungkol sa mga pangangailangan sa accessibility ayon sa sitwasyon, mga suhestyon para sa mga potensyal na pagdaragdag o pagbabago ng proseso at positibong feedback sa pagtugon sa mga pamatayan ng accessibility at pakikipag-ugnayan sa mga botanteng may mga pangangailangan sa accessibility. Idinadaos ang mga pagpupulong na ito kada quarter at bukas ang mga ito sa publiko.

Komite ng Pagpapayo sa Accessibility ng Wika (LAAC)

Ang LAAC na ginawa noong 2013 bilang orihinal na Grupo sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad ng Tagapagrehistro ng Mga Botante, ay pinalawig sa kasalukuyan nitong anyo noong unang bahagi ng 2018. Ang grupo ng mamamayan na ito ay may orihinal na tungkuling tugunan ang accessibility sa wikang Spanish sa mga lugar ng botohan, pero ngayon, nagbibigay na rin ito ng access sa wika sa lahat ng aspeto ng operasyon nito, partikular na tinutulungan hindi lang ang mga mamamayan na nagsasalita ng Spanish, kundi pati na rin ang mga pangangailangan ng mga residente ng Kondado ng Riverside na nagsasalita ng Korean, Chinese (Mandarin at Cantonese), Tagalog at Vietnamese. Layunin ng LAAC na makipagtulungan sa mga kasosyo nito para matiyak na nakakapagbigay ng pantay na access ang mga aktibidad, programa, at patakaran sa balota at nauugnay na impormasyon sa pagboto. Idinadaos ang mga pagpupulong na ito kada quarter at bukas ang mga ito sa publiko.

Mga Pang-edukasyong Workshop para sa Botante

Magho-host ang Tagapagrehistro ng Mga Botante ng maraming pang-edukasyong workshop para sa botante para makapagbigay ng impormasyon tungkol sa Mga Sentro ng Pagboto at Mga Lokasyon sa Paghulog ng Balota para sa bawat wikang kinakailangan ng estado at pederal sa Kondado ng Riverside. Ngayong 2023, kabilang sa mga wikang ito ang Spanish, Vietnamese, Chinese (Mandarin at Cantonese), Korean at Tagalog. Bilang karagdagan, ang Tagapagrehistro ng mga Botante ay magho-host ng isang workshop sa edukasyon ng botante para sa komunidad na may kapansanan.

Ang bawat workshop ay kabibilangan ng impormasyon tungkol sa bagong modelo ng pagboto, mga serbisyo ng tulong sa wika, mga opsyon sa paghulog ng balota at impormasyon kung paano gagawin ang mga bagay na gaya ng paghiling ng nakasaling materyal sa halalan, pangkalahatang-ideya ng kagamitan sa pagboto, at audio voting. Iaanunsyo ang impormasyon tungkol sa workshop sa loob ng hindi bababa sa 10 araw na mas maaga bago ang mga petsa ng pagpupulong at ibabahagi sa mga lokal na kasosyo sa wika at accessibility pang mahikayat ang pakikilahok ng mga mamamayan. Makakahanap ang mga botante ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga workshop sa aming website.

Mga Paraan ng Pagtukoy sa Mga Komunidad ng Wika

Ang unang tool na gagamitin ay ang proseso sa Pag-analisa ng Wika ng kondado upang matukoy kung aling mga presinto sa pagboto ang may partikular na threshold ng mga botante na nagsasalita ng ibang wikang maliban sa English at nangangailangan ng mga nakasaling balota. Maaari ring abisuhan ng mga botante ang Tagapagrehistro ng Mga Botante kung mayroon silang kagustuhan sa wika o kung gusto nilang humiling ng tulong sa wika sa pamamagitan ng mga form sa pagpaparehistro ng botante. Ang data na ito, kasama ng Kawanihan ng Census ng United States ay makakatulong sa pagtukoy ng mga komunidad na mayroong limitadong kakayahan at mga pangangailangan sa wika sa English.

Aktibo ring nagbibigay ng input ang mga kasosyo sa komunidad sa Tagapagrehistro ng Mga Botante kung saan may malaking bilang ng mga komunidad ng wika sa Kondado ng Riverside. Makikipagtulungan ang Tagapagrehistro ng Mga Botante sa mga kasosyo nito

sa komunidad upang matukoy ang pinakamainam na bilang ng mga workshop, petsa ng mga workshop, gustong format para sa mga pagpupulong at mga lokasyon at kung anong mga materyal ang ipapamahagi upang mapaglingkuran ang komunidad ng mga botante na ito sa pinakamainam na paraan. Iaanunsyo ang mga workshop nang hindi bababa sa 10 araw nang maaga.

Pakikipag-ugnayan para sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo na Naa-access nang Malayuan

Ang Tagapagrehistro ng Mga Botante ay bumubuo ng plano upang maipaalam sa mga botante ang tungkol sa pagiging available at paggana ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo na Naa-access nang Malayuan (RAVBM). Gagawa ng iba't ibang estratehiya batay sa target na audience at mahusay na kagawian sa kung paano sila makakaugnayan. Ang programang ito na sinimulan noong 2018, ay isasama sa pangkalahatang estratehiya ng media ng kagawaran upang masabihan at mahikayat ang mga botante hanggang sa pagdating ng Pampresidenteng Primaryang Halalan sa Marso 5, 2024.

Matataas na Paaralan

Nakatuon ang Tagapagrehistro ng Mga Botante sa pagtiyak na mananatili ang mga botante nang panghabangbuhay sa pamamagitan ng aktibong pakikipagtulungan sa matataas na paaralan ng Kondado ng Riverside para masuportahan ang kanilang mga programang pansibiko at pampamahalaan. Nagbibigay ang kagawaran ng mga card sa pagpaparehistro ng botante at iba pang suporta bilang isang aktibong kalahok sa programa ng Kalihim ng Estado na Mga Linggo para sa Edukasyon ng Botante sa Mataas na Paaralan sa Setyembre at Abril. Hinihikayat din ng Tagapagrehistro ng Mga Botante ang lahat ng kwalipikadong estudyante ng mataas na paaralan na makilahok bilang mga manggagawa sa botohan sa Araw ng Halalan.

Mga Kolehiyo at Unibersidad

Ang Tagapagrehistro ng Mga Botante ay mayroong Registration, Outreach, Voting and Educational Resource, o ROVER, mobile unit para sa pakikipag-ugnayan sa komunidad at mga plano sa pag-update ng hitsura nito at gamitin ito bilang resource para makuha ang atensyon ng mga estudyante, faculty, at tauhan.

Nagkaroon na ng mga inisyal na pag-uusap para sa pagbuo ng mga komprehensibong plano sa marketing para sa mga kolehiyo at unibersidad at pag-explore sa posibilidad ng pagho-host ng alinman sa sentro ng pagboto o kahong hulugan ng balota sa campus. Ginamit na ng Tagapagrehistro ng Mga Botante ang University of California sa Riverside at ang Moreno Valley College bilang mga lokasyon para sa personal na pagboto at mga site para sa paghulog ng balota sa mga nakaraang taon at nagsimula na ang mga pagsisikap sa pagpapalano para patuloy na maging Mga Sentro ng Pagboto at/o Lokasyon sa Paghulog ng Balota ang mga ito. Nais ng Tagapagrehistro ng Mga Botante na dalhin ang oportunidad na ito sa iba pang potensyal na kasosyong kolehiyo.

Mga Kasosyo sa Negosyo

Pinaplano ng Tagapagrehistro ng Mga Botante na makipagsosyo sa mga asosasyon sa negosyo at mga opisina ng komersyo para makapagbigay ng mga pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng pakikipag-usap, pagsasanay sa pagpaparehistro ng botante at mga paghahabla at pagpupulong na nagbibigay ng impormasyon.

Pakikipag-ugnayan sa Pamamagitan ng Pakikipag-usap at Mga Event sa Komunidad

Mga Virtual na Pakikipag-ugnayan sa Pamamagitan ng Pakikipag-usap

Ang bahaging pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng pakikipag-usap ng programa sa pakikipag-ugnayan sa komunidad ng Tagapagrehistro ng Mga Botante sa Kondado ng Riverside ay isang mahalagang bahagi sa pakikipag-ugnayan sa mga botante sa maraming iba't ibang pinagmula sa buong Kondado ng Riverside. Saklaw ang malawak at maraming lugar, layunin ng programa na makamit ang mga sumusunod na mithiin:

- Mabigyang-kaalaman sa mga botante tungkol sa proseso ng halalan, kabilang ang paglipat ng personal na pagboto sa Riverside sa Mga Sentro ng Pagboto
- Makapagbigay ng impormasyon tungkol sa mga espesyal na programa, mga online na feature at pagpaparehistro ng botante
- Mag-network at maghangad ng mga oportunidad sa pakikipagtulungan

Pinagtutuunan ang pagbibigay ng pang-iilan at pangmalawakang komunikasyon sa komunidad. Kabilang sa mga virtual na pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng

pakikipag-usap ang pagdalo sa iba't ibang pagpupulong at mga event sa komunidad at pagsasagawa ng mga presentasyong hindi partisano, neutral at may pagsasaalang-alang sa kultura.

Dahil maraming grupo sa Kondado ng Riverside, binibigyang-daan ng mga virtual na pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng pakikipag-usap ang Tagapagrehistro ng Mga Botante na makapag-promote ng mga serbisyo, makabuo ng mga pakikipagsosyo at makasalamuha ang iba't ibang komunidad. Kabilang sa mga tina-target na grupo ang mga sumusunod;

- Mga grupo sa komunidad
- Mga Rotary Club
- Mga Asosasyon ng Magulang at Guro
- Mga Cultural Club
- Mga organisasyong nagbibigay serbisyo
- Mga organisasyon nakabatay sa paniniwala
- Mga simbahan
- Mga Unibersidad/Kolehiyo
- Mga Kolehiyo ng Komunidad
- Mga organisasyon ng estudyante
- Mga non-profit na organisasyon
- Mga sentro para sa nakatatandang mamamayan
- Mga klase sa pagkamamamayan
- Mga asosasyon ng propesyonal
- Mga ahensya sa pampublikong serbisyo
- Mga ahensya sa pagbuo ng lakas-paggawa
- Mga grupo ng kabataan

Mga Kaganapan sa Komunidad

Para makapagpanatili ng matatag na presensya sa komunidad, plano ng Tagapagrehistro ng Mga Botante na magtuon sa pagdalo nito sa mga pakikipag-ugnayan sa komunidad sa parehong small-to-medium at large-scale na mga event. Dadalo ang Tagapagrehistro ng Mga Botante sa mga event na ito para makapagbigay ng impormasyon tungkol sa paglipat sa modelong gumagamit ng sentro ng pagboto, mga opsyon sa pagboto at iba pang impormasyon kaugnay ng halalan. Makikipag-usap at makikipag-ugnayan ang mga tauhan sa publiko, sasagot sila ng mga tanong, magangasiwa ng demonstrasyon sa paggamit ng mga device para sa pagmamarka ng balota na ginagamit sa Mga Sentro ng Pagboto at tutulong sa pagsagot sa mga form sa pagpaparehistro ng botante. Sa pamamagitan ng pakikilahok sa mga event na ito, nabibigyan ng potensyal na access ang Tagapagrehistro ng Mga Botante sa libo-libong indibidwal sa buong kondado.

Mga Nahalal na Opisyal at Ahensya ng Pamahalaan

Gagamitin ng Tagapagrehistro ng Mga Botante ang mga kasalukuyang ugnayan nito sa trabaho sa mga ahensya ng pamahalaan at mga nahalal na opisyal para mapalawig ang kaalaman ng publiko tungkol sa paglipat sa mga sentro ng pagboto. Kabilang sa pakikipagsosyong ito ang pakikipag-ugnayan sa lahat ng Klerk ng Lungsod para makapagbahagi ng impormasyon tungkol sa bagong paraan ng pagboto.

Suite ng Pakikipag-ugnayan sa Komunidad

Pangkalahatang Plano sa Media

Kodigo sa Mga Halalan §4005(a)(10)(i)(I)

Para masabihan ang mga botante sa Kondado ng Riverside na permanente na ang karanasang nakuha nila sa pagpapatala ng kanilang balota sa nakalipas na dalawang halalan, pinaplano ng Tagapagrehistro ng Mga Botante na makaabot ng maraming botante hangga't maaari. Sa pamamagitan ng paggamit ng social media, direct mail, print, broadcast, radyo, mga video na nagbibigay ng impormasyon na gawa ng mga tauhan at press release at ang pagiging available ng pagbuo ng coverage ng balita, nilalayon ng kagawaran na gamitin ang lahat ng kinokonsumong platform sa media

para sa pagbibigay ng impormasyon para magkaroon ng mas may alam at nakikipag-ugnayang mga botante.

Mga Kasosyo sa Media

Mga Kodigo sa Mga Halalan §4005(a)(10)(I)(i)(II), §4005(a)(10)(I)(i)(VIII)

Magbibigay ang Tagapagrehistro ng Mga Botante ng mga press release, infographics, video na content at content sa social media para sa pagpapamahagi sa publiko at paglalathala sa mga kasalukuyang kasosyo sa media at hahanap ng iba pang pinagkakatiwalaang source ng media para makatulong na makapagparating ng mga mensahe sa mga botante ng Kondado ng Riverside tungkol sa mga nauugnay na pagbabago sa kanilang karanasan bilang botante. Kabilang dito ang mga opsyon sa accessibility, kung paano humiling ng naa-access na balota, impormasyon tungkol sa Mga Sentro ng Pagboto at Mga Lokasyon ng Kahong Hulugan ng Balota, mahahalagang petsa ng halalan at iba pang balitang partikular sa halalan.

Dagdag pa rito, madalas na lumalabas sa lokal na media sina Rebecca Spencer, ang Tagapagrehistro ng Mga Botante, at Art Tinoco, ang Katulong na Tagapagrehistro ng Mga Botante, upang magsalita bilang mga eksperto sa mga halalan at makapagbigay ng konteksto sa mga botante tungkol sa nangyayari kapag nagpapatala sila ng kanilang mga balota.

Mga Kasosyong Media sa Wika

Kodigo sa Mga Halalan §4005(a)(10)(I)(i)(I)

Patuloy na nagiging mas sari-sari ang mga komunidad sa Kondado ng Riverside, na makikita rin sa bilang ng mga outlet ng media sa wika sa kondado. Naglaan ang Tagapagrehistro ng Mga Botante ng mga full-time na miyembro ng tauhan na nagsisilbing mga liaison sa mas malalaking komunidad ng wika at nagtatalaga ng mga pansamantalang miyembro ng tauhan para matugunan ang pangangailangang iyon sa iba pang mga komunidad ng wika. Patuloy ang Tagapagrehistro ng Mga Botante sa aktibong pakikipagtulungan nito sa lahat ng lokal na kasosyong media sa wika. Ang impormasyon tungkol sa mga halalan ng 2024, ang toll-free na hotline ng tulong para

sa botante ng opisina at mas pinalawig na opsyon sa Mga Sentro ng Pagboto para sa pagkuha ng tulong sa wika ay ibabahagi sa mga kasosyong media sa wika.

Mga Direktang Kontak ng Botante

Kodigo sa Mga Halalan §4005(a)(10)(I)(i)(X)

Pinaplano ng Tagapagrehistro ng Mga Botante na magpadala ng dalawang direct mailer, kasama ng Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng Kondado at ng package ng balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo sa Oktubre upang maabisuhan ang lahat ng mga rehistradong botante tungkol sa paparating na halalan. May mga ilang pagbanggit na patuloy nang gagamitin ng Kondado ng Riverside ang paraan ng pagbotong nakagawian ng mga botante simula nang magkaroon ng pandaigdigang pandemyang dulot ng COVID-19. Ididisenyo ang mga mailer upang makuha ang atensyon ng mga botante sa pamamagitan ng paggamit ng pagmemensaheng nakatuon sa kaginhawaan ng Mga Sentro ng Pagboto at pagboto sa pamamagitan ng koreo. Magbibigay din ang mga mailer ng impormasyon tungkol sa kung kailan maaasahan ang pagdating ng item na partikular sa halalan sa koreo at iba pang tip para matulungan ang mga botante.

Postage-Paid Postcard para sa Paghiling ng Mga Materyal

Kodigo sa Mga Halalan §4005(a)(8)(B)(iii)

Ang lahat ng mga rehistradong botante sa Kondado ng Riverside ay makakatanggap ng postage-paid postcard sa kanilang Patnubay na Impormasyon para sa Botante para makahiling ng mga materyal ng halalan sa mga alternatibong wika. Isasama sa patnubay ang mga tagubilin sa pagsagot at pagbabalik sa postcard, pati na rin ang impormasyong naka-feature ito sa website ng Tagapagrehistro ng Mga Botante.

Mga Anunsiyo sa Pampublikong Serbisyo

Mga Kodigo sa Mga Halalan §4005(a)(10)(I)(i)(VIII), §4005(a)(10)(I)(i)(IX)

Napakaraming oportunidad para magamit ang mga tradisyonal na outlet ng media gaya ng mga advertiser sa billboard, mga ad sa mga istasyon ng bus at mga outlet ng patalastas sa telebisyon na gustong magbahagi ng mga mensahe mula sa pamahalaan sa mura o libheng halaga. Plano ng Tagapagrehistro ng Mga Botante na agresibong

hanapin ang mga oportunidad na ito bilang pandagdag sa mga may bayad na advertisement. Magkakaroon ng Mga Anunsiyo sa Pampublikong Serbisyo (PSA) na naka-target sa mga botante na nagsasalita ng Ingles at hindi nagsasalita ng Ingles. Ipapaalam ng PSA sa mga botante ang paparating na halalan at ipo-promote ang toll-free voter hotline.

Dagdag pa rito, plano ng Tagapagrehistro ng Mga Botante na patuloy na buuin ang portfolio nito ng mga video na gawa ng mga tauhan upang masabihan at mabigyang-kaalaman ang mga botante tungkol sa kung paano mamarkahan at ibabalik ang kanilang sobre sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo, kung paano gamitin ang mga device sa pagmamarka ng balota at iba pang mga tutorial.

Social Media

Gagamitin ng Tagapagrehistro ng Mga Botante ang social media para makahikayat ng mga bagong botante ng hindi pamilyar sa pagboto at magbibigay ng impormasyon sa mga kasalukuyang botante tungkol sa mga pagbabago sa Mga Sentro ng Pagboto pati na mga update sa mahahalagang takdang petsa, event, mga tip sa pagboto at kung saan nila mahahanap ang pinakamalapit na botohan para sa personal na pagboto. Isang benepisyo ng social media na gustong i-capitalize ng mga tauhan ng Tagapagrehistro ng Mga Botante ang real-time na pagpapakita kung gaano karaming hakbang ang ginagawa sa isang halalan at ang mga hirap na ginagawa ng mga tauhan upang matiyak ang seguridad. Ang pangunahing presensya ng Tagapagrehistro ng Mga Botante sa social media ay nasa Facebook:

<https://www.facebook.com/profile.php?id=100066598594713>

Opisyal sa Impormasyong Pampubliko ng Kagawaran

Dahil sa mga partikular na pangangailangan ng opisina ng Tagapagrehistro ng Mga Botante na makipag-ugnayan sa mga botante ng Kondado ng Riverside sa loob ng kaunting panahon, magha-hire ang kagawaran ng Opisyal ng Pampublikong Impormasyon na mahusay na makikipagtulungan sa media at mga kasosyo sa komunidad upang maipakalat ang balita tungkol sa paglipat sa Batas sa Pagpili ng Botante.

Website

Kodigo sa Mga Halalan §4005(a)(10)(i)(IV)

Nakumpleto na ng Tagapagrehistro ng Mga Botante ang pagsusuri ng website nito. Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ay nagdagdag ng pahina ng impormasyon tungkol sa bagong paraan ng pagboto sa Kondado ng Riverside sa kasalukuyan nitong website, www.voteinfo.net. Kasama sa page na ito ang pinal na bersyon ng Plano sa Pangangasiwa ng Halalan, mga paraan ng paghiling ng isang naa-access na balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo at kung paano ito gamitin, listahan ng Sentro ng Pagboto at mga lokasyon ng Kahong Hulugan ng Balota, at iba pang impormasyon sa Batas sa Pagpili ng Botante.

Tinatayang Badyet para sa Pakikipag-ugnayan sa Botante

Ipinapakita sa sumusunod na talahanayan ang mga badyet sa pag-advertise at pakikipag-ugnayan sa botante para sa mga halalan noong 2020 - 2022 pati na tinatayang badyet para sa mga halalan sa Marso 2024 at Nobyembre 2024.

Mga Halalan	Pag-advertise	Mga Postcard	Mga Event sa Pakikipag-ugnayan at Mga Pang-edukasyong Materyal
Marso 2020 Sentro ng Pagboto	\$31,044	N/A	Hindi Nasubaybayan
Nobyembre 2020 Sentro ng Pagboto	\$184,437	N/A	Hindi Nasubaybayan
Setyembre 2021 Sentro ng Pagboto	\$29,174.80	N/A	Hindi Nasubaybayan
Hunyo 2022 Sentro ng Pagboto	\$500,000	\$1,300,000	\$250,000
Nobyembre 2022 Sentro ng Pagboto	\$500,000	\$1,300,000	\$250,000
Marso 2024 Sentro ng Pagboto	\$500,000	\$1,300,000	\$250,000
Nobyembre 2024 Sentro ng Pagboto	\$500,000	\$1,300,000	\$250,000

Mga Aktibidad at Suporta sa Halalan

Pagsusuri sa Lohika at Katumpakan

Sisimulang isaayos ang lahat ng mga kagamitan para sa Halalan sa Marso 2024 sa Enero 2024 pagkatanggap ng sertipikadong listahan ng mga kandidato mula sa Kalihim ng Estado. Alinsunod sa batas ng estado, magsasagawa ng pagsusuri upang matiyak na tama ang pagkaka-program ng bawat kagamitan at tama ang naka-capture nitong seleksyon ng botante at tama ang pag-tabulate sa mga ito. Ang pagsusuri sa lohika at katumpakan ng makina na ito ay isinasagawa sa lahat ng tabulator ng balota sa opisina ng Tagapagrehistro ng Mga Botante na ginagamit para sa pagbilang ng mga balota at lahat ng mga scanner sa presinto, printer ng balota at mga device sa pagmamarka ng balota na ipinadala para magamit sa Mga Sentro ng Pagboto.

Bukas ang proseso ng pagsusuri na ito sa publiko. Magsasagawa ng pampublikong demonstrasyon na nagpapakitang angkop na nasuri ang kagamitan para sa serbisyo sa loob ng humigit-kumulang tatlong linggo bago ang Araw ng Halalan.

Mga Materyal at Resource para sa Halalan

Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng Kondado

Naglalabas ang Tagapagrehistro ng Mga Botante ng komprehensibong Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng Kondado bago ang bawat halalan. Ang patnubay na ito, na may kasamang English at Spanish na bersyon, ay karaniwang ipinapadala sa lahat ng mga botante nang humigit-kumulang 40 araw bago ang Araw ng Halalan. Ang pangunahing gamit ng patnubay na ito ay ang pagkakaroon nito ng halimbawang balota para sa partikular na uri ng balota ng botante sa paparating na halalan. Ang patnubay na ito ay maglalaman din ng detalyadong impormasyon tungkol sa proseso ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo, isang kumpletong listahan ng mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto at Kahong Hulugan ng Balota, mga pahayag ng kandidato, mga materyal ng hakbang at opsyon sa paghiling ng pamalit na packet ng balota ng VBM. Available ang Patnubay sa malalaking print at mga online na format. Naglalaman din ito ng isang postage-paid na aplikasyon sa likurang pabalat kung sakali mang piliin ng botante na i-update ang kanyang impormasyon sa pakikipag-ugnayan o i-update ang kanyang kagustuhan sa wika.

Magkakaroon ng naa-access na Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng Kondado sa website ng Tagapagrehistro ng Mga Botante, sa www.voteinfo.net, simula 29 na araw bago ang Araw ng Halalan.

Ang Patnubay na Impormasyon para sa Botante na galing sa Estado ay hiwalay na ipapadala ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang patnubay na iyon ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga kandidato at proposisyon sa buong estado at maaari itong ma-access online sa pamamagitan ng pagbisita sa page na Mga Halalan ng Kalihim ng Estado, sa www.sos.ca.gov/elections.

Packet ng Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

Ang bawat rehistradong botante sa Kondado ng Riverside ay makakatanggap ng packet ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo sa mail, na ipapadala ng opisina ng Tagapagrehistro ng Mga Botante simula 29 na araw bago ang Araw ng Halalan. Kasama sa packet na ito ang opisyal na balota ng botante, isang postage-paid na sobre sa pagbabalik, mga kalakip na impormasyon at sheet ng tagubilin sa pagboto na may natatangal na sticker ng “Bumoto na Ako”. Ang mga materyal ng halalan, tulad ng mga opisyal na balota, ay hindi fino-forward ng US Postal Service, sa halip, isinasauli ang mga ito sa Tagapagrehistro ng Mga Botante para sa pagpoproseso bilang item na hindi maaaring ipadala.

Mga POstcard ng Botante

Ang lahat ng mga rehistradong botante ay makakatanggap ng dalawang postcard na nagpapaalam sa kanila ng tungkol sa paparating na halalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan. Ang unang postcard ay ipapadala sa Enero 2024 at ang pangalawa ay ipapadala bago magbukas ang 11-araw na Mga Sentro ng Pagboto.

Website ng Tagapagrehistro ng Mga Botante

Simula 29 na araw bago ang Araw ng Halalan, ia-update ang website ng Tagapagrehistro ng Mga Botante upang ipakita ang sumusunod na impormasyon:

- Tool sa Paghahanap ng Botante, na nagbibigay-daan sa sinumang botante ng Kondado ng Riverside na

- I-verify ang kanilang impormasyon sa pagpaparehistro bilang botante
- I-verify na natanggap na ng Kondado ng Riverside ang kanilang balota sa botohan
- Mahanap ang pinakamalapit na Sentro ng Pagboto mula sa kanilang tirahan
- Ma-access ang kanilang Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng Kondado at naa-access na balota
- Mga Interactive na Web map para sa Mga Sentro ng Pagboto at Lokasyon ng Kahong Hulugan ng Balota, kabilang ang mga oras ng operasyon, mga espesyal na tagubilin at direksyon
- Mga Resulta ng Halalan
- Impormasyon sa mga magagamit ng opsyon sa pagboto, kabilang ang impormasyon tungkol sa kung ano ang available sa isang Sentro ng Pagboto, Pagboto sa Bangketa, Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo na Naa-access nang Malayuan at mga materyal sa mga naa-access na format.

Mga Opsyon sa Telepono/Relay

Maaaring tumawag ang mga botante sa (951) 486-7200, o sa California Relay Service sa 711 para makakuha ng impormasyon tungkol sa halalan kabilang ang mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto at Kahong Hulugan ng Balota. Available ang tulong sa pagsasalin para sa mga botante sa maraming wika.

Programang Bumoto sa Pamamagitan ng Koreo ng Preso

Nagbibigay ang opisina namin ng mga serbisyo sa mga preso sa pamamagitan ng paggamit ng aming Bumoto sa Pamamagitan ng Koreo na Programa sa Bilangguan. Ito ay isang proseso kung saan ang Opisina ng Tagapagrehistro ng Mga Botante ay nakikipag-ugnayan sa Opisina ng Sheriff ng Kondado ng Riverside upang matiyak na ang mga bilanggo ay makakalahok sa pagboto sa isang halalan. Sa loob ng prosesong ito, ang ROV ay nagrerehistro ng mga bilanggo, nagbe-verify ng kasalukuyang pagpaparehistro, at nag-iisyu ng balota sa mga kwalipikadong rehistradong botante. Ang mismong Opisina ng Sheriff ang naghahatid ng nakumpletong mga form sa

pagpaparehistro ng botante at mga aplikasyon ng Bumoto sa Pamamagitan ng Koreo ng mga bilanggo sa opisina ng ROV. Pinoproseso ng ROV ang mga form ng pagpaparehistro ng botante at mga aplikasyon sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo. Hinahatid ng Opisina ng Sheriff ang mga Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo sa mga preso. Ibinabalik ng Opisina ng Sheriff ang mga binotohang balota sa opisina ng ROV sa o bago ang Araw ng Halalan.

Mga Aktibidad Pagkatapos ng Halalan

Canvass - Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

Simula 20 araw bago ang Araw ng Halalan, sisimulan nang iproseso ng Tagapagrehistro ng Mga Botante ang mga ibinalik na balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo, na kabilangan ng pag-aalis at pagsusuri ng opisyal na balota mula sa sobre para sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo. Isasama ang mga balotang maibabalik hanggang sa kinahapunan ng Lunes bago ang Araw ng Halalan sa inisyal na mga resulta sa gabi ng halalan pagkalipas kaunti ng 8:00 pm.

Ang bawat ibinabalik na sobre ng balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo ay ipinoproseso sa pamamagitan ng isang mail sorter na nagbubukod-bukod sa balota ayon sa presintong pinagbotohan. Sa prosesong ito, kinukuhanan ng larawan ang sobre na may lagda ng botante, at ina-upload ito sa sistema ng pamamahala ng halalan ng kagawaran. Pagkatapos, ikukumpara ng tauhan ang na-scan na larawan ng lagda sa lagdang naka-file sa pagpaparehistro ng botante o sa iba pang pansuportang dokumentasyon. Kung makakalimutan ng isang botante na lagdaan ang kanyang sobre sa pagbabalik o kung hindi tumutugma ang isang lagda sa nasa file ng botante, papadalhan siya ng sulat at form para mabigyan siya ng pagkakataong maitama ang hindi pagkakatugma. Ang mga lagda na hindi matukoy ay dumadaan sa maraming antas ng na-escalate na pagsusuri, kung saan ang Tagapagrehistro ng Mga Botante pa rin ang huling magpapasya.

Kapag natukoy na valid ang isang lagda, dinadala ang mga sobre ng balota sa extraction room kung saan, sa tulong ng mga makina, aalisin ng tauhan ang mga balota sa sobre ng pagkakakilanlan. Tinitiyak nito ang pagkapribado ng Botante at na manatiling sikreto ang mga balota Pagkatapos maalis, ililipat ang mga balota sa kuwarto sa pagpoproseso kung saan susuriin ng mga pangkat ang balota para sa anumang pagkasira at ihahanda ang mga ito para sa pag-tabulate. Ang mga nasirang balota na hindi makakadaan sa mga tabulator ay nire-reproduce ng mga pangkat na binubuo ng dalawang kalahok. Naka-log ang mga ito sa log ng kontrol sa kalidad kasama ng orihinal na balota.

